Ibasura ang Human Security Act of 2007!
Labanan ang terorismo ng estado!
Rehimeng US-Arroyo, Terorista!

www.bayan.ph

Batas Anti-Terorismo – Resipi para sa Di-deklaradong Batas Militar

Hunyo 2007
Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)

Narito na ang Dark Ages.

Nitong Pebrero 8, sa botong 16-2, inaprubahan ng Senado ang Anti-Terrorism Act, na ikinubli sa titulong Human Security Act (HSA) of 2007. Kinabukasan, inaprubahan ng *bicameral conference committee* ng Kamara at Senado ang buong bersyon nito. Niratipika ng dalawang kapulungan ang HSA sa dalawang araw na sesyong espesyal na ipinatawag ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Agad pinirmahan ni Gloria ang panukala noong Marso 6, 2007. Inuna pa ito kaysa sa ibang mahahalagang panukala, tulad ng P125 na dagdag-sahod ng mga manggagawa, kompensasyon para sa mga biktima ng diktadurang Marcos, at mas murang gamot.

Hindi totoong walang pangil ang panukala, tulad ng sinasabi ng mga senador sa oposisyon na sa simula ay tumutol pero bumoto rin para sa HSA. Ang batas na ito ay siksik sa mga probisyong lumalabag sa

mga batayang karapatang sibil, pampulitika at pantao na nasa Bill of Rights ng Konstitusyon ng Pilipinas at mga pandaigdigang kumbesyon para sa mga karapatang pantao at makataong batas.

Bago pa man pirmahan ang HSA, pinakawalan na ng rehimeng US-Arroyo ang militar, paramilitar at pulisya kontra sa taumbayan. Inudyukan sila para gumawa ng pinakamasasahol na paglabag sa mga karapatang pantao at krimen sa sangkatauhan — masaker, asasinasyon, pagdukot, iligal na detensyon, tortyur at sapilitang pagpapalayas sa mga mamamayan sa kanilang mga tahanan at lupain.

Ang mga karahasang ito ay malinaw na umaayon sa programang kontra-insurhensya ng rehimen, ang Oplan Bantay Laya I at II. Kapwa ito nakabatay sa paghahambog ng rehimen na gapiin ang rebolusyonaryong kilusan na pinamumunuan ng Communist Party of the Philippines kaalinsabay ng pagtatapos ng termino nito sa 2010.

Ang Human Security Act ay nagbibigay ng "legal na ngipin" na matagal nang inaasam ng pulisya at militar para sa walang-habas na pagsasagawa ng terorismo ng estado.

Pangunahing layunin ng batas na ito ang ibayo pang panunupil sa kilusan ng sambayanan para sa pambansang kalayaan at demokrasya at sa malapad na hanay ng mga puwersang lumalaban sa rehimeng US-Arroyo, kabilang na ang oposisyon at independyenteng midya — nang hindi kinakailangang magdeklara ng batas militar.

1. Depinisyong mapanganib dahil malabo

Sinadya ng gobyerno na gawing malabo at masyadong masaklaw ang depinisyon ng terorismo. Sa Section 3 ng batas, ang pakahulugn sa terorismo ay isang akto na "naghahasik at lumilikha ng kondisyon ng malaganap at kakaibang takot at pangamba sa populasyon upang pilitin ang gobyerno na bumigay sa isang kahilingang labag sa batas."

Ang tutukoy ng hangganan sa ganito-kalabo at kasaklaw na depinisyon ng "terorismo" ay walang iba kundi ang Malakanyang, sa pamamagitan ng Department of Justice at Sec. Raul Gonzales, na pusakal sa pagiging di-makatarungan; at ang bagong buong Anti-Terrorism Council na kinabibilangan ng mga maka-Kanan at pasista sa Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COC-IS), tulad nina Executive

Itinulak pa ni Gloria ang ASEAN Covenant against Terrorism na nagbibigay ng bagong plataporma sa US para manghimasok sa Southeast Asia. Nananawagan ang kasunduang ito para ang mga kasapi ng ASEAN ay magpatupad ng kani-kanyang batas kontra-terorismo.

Kung titingnan sa mas malawak na konteksto ng krisis ng administrasyong Arroyo, ang pagkakaapruba ng HSA ay hakbang upang magtuloy-tuloy ang suporta ng US kay Gloria. Kapalit nito ang walang-kondisyong pag-eendorso ng gobyerno ng Pilipinas sa "gera ng terorismo" ng US.

Paraan din ng rehimeng Arroyo ang HSA upang makapanatili sa poder si Arroyo sa pamamagitan ng pagsupil sa mga kritiko at katunggali. Sangkatutak mang *safety net* ay hindi sasapat upang gawing mabuti ang batas. Sa kamay ng rehimeng may malubhang rekord ng paglabag sa mga karapatang pantao, ang HSA ay madaling abusuhin upang magsilbi sa kampanya ng panunupil. Bago pa man ang HSA, tinuligsa na ng mga dayuhang gobyerno, United Nations Special Rapporteur, Permanent People's Tribunal at maraming NGO ang lumalalang sitwasyon ng mga karapatang pantao sa bansa sa ilalim ng rehimeng Arroyo.

Sa usaping ito, hindi pwedeng gumitna at walang panigan. Hindi maaaring magsawalang-kibo gayong lubhang nanganganib ang ating mga batayang kalayaan at karapatan. Kailangang pigilin ang Human Security Act, isang instrumento ng pasistang paghahari. Kailangan nating gamitin ang lahat ng paraan upang mabigo ang mas matindi pang pagyurak sa ating mga karapatan. Nalabanan at napagtagumpayan natin ang walang humpay na panunupil ng gobyernong Arroyo. Muli, hinahamon tayong tumindig at magkaisa upang ang bumabangong diktadura ay tutulan. ###

5. Terorismo ng Estado

Palulusugin ng HSA ang halimaw na terorismo ng estado. Ang batas na ito ay nag-aasam ng isang estado ng pasistang paghahari nang hindi nangangailangan ng lantarang deklarasyon ng batas militar.
Gagamitin ng rehimeng US-Arroyo ang HSA bilang legal na panghambalos upang patindihin ang patakaran ng todo-gera laban sa armadong rebolusyonaryong kilusan; ipagpatuloy ang mga *extrajudicial killing* at iba pang paglabag sa mga karapatang pantao; at lumikha ng sitwasyon ng takot at ibayong pampulitikang panunupil laban sa pinakamasusugid na kritiko ng rehimen at sa nakikibakang masa ng sambayanan.

Sa konteksto ng pandaigdigang gera ng terorismo ng rehimeng Bush, mismong ang kampanyang "kontra-terorismo" ni Arroyo ay isang porma ng terorismo. Maging si Supreme Court Chief Justice Reynato Puno ay nagsabi na ang "*mindless war on terror*" ang nagdudulot ng matinding paglabag sa mga karapatang pantao sa ating bansa ngayon.

Sa maraming bansa sa mundo, ang mapapait na karanasang dulot ng gera ng terorismo ng US ay nagbubunsod sa mga mamamayan ng daigdig na manawagan para rebisahin, kundi man ibasura, ang mga mapanupil na batas at patakarang iniluwal sa ngalan ng kontra-terorismo. Sa US, halimbawa, idineklara ng Korte Suprema na ilegal ang ilan sa mga ginagawa ng rehimeng Bush gaya ng *wiretapping*, arbitraryong pag-aresto at pagdedetine.

Matapos ang atakeng September 11 sa New York City, inilunsad ng gobyernong US ang tinaguriang "gera laban sa terorismo" na sa totoo'y panghihimasok at pananakop sa Afghanistan at Iraq. Ang "gera laban sa terorismo" ay nakabatay sa mga kasinungalingan ng administrasyong Bush. Kabilang na rito ang kasinungalingang may *weapons of mass destruction* sa Iraq.

Nalantad na ang "gera laban sa terorismo" bilang pangangatwiran at pagpapatuloy ng imperyalistang agresyon at pagpapalawak ng sakop ng US. Sa itinakbo na ng gerang ito, maraming buhay ang nawaldas at karapatang niyurakan

Pinili ng rehimeng Arroyo ang pagbibigay ng todong supporta sa "gera kontra-terorismo" ng US kahit kinokondena na ito sa buong mundo.

Secretary Eduardo Ermita at National Security Adviser Norberto Gonzales.

Sa ganitong depinisyon at sa mga taong magpapatupad nito, magagamit ni Gloria ang batas bilang instrumento sa pagdurog sa mga lehitimong pampulitikang pagtutol at panlipunang protesta. Halimbawa, itinuturing na ng gobyerno bilang "destabilisasyon" at "sabwatan sa pagrerebelyon" ang mga malawakang pagkilos na nanawagan ng pagpapatalsik kay Gloria. Madali nang tagurian ang mga ito bilang "marahas na pamimilit sa gobyerno para bumigay sa isang panawagang labag sa batas." Babansagan na rin ng rehimeng Arroyo ang welga ng mga manggagawa bilang "terorista" at katumbas ng pananabotahe sa ekonomya.

Giit ng mga eksperto sa konstitusyon, ang HSA ay hindi makakatindig dahil ito ay malabo. Sentro ng mga debate ang depinisyon ng terorismo na tiyak na panggagalingan ng abuso. Hanggang ngayon, wala pang nag-iisang depinisyon ng terorismo na tanggap sa buong mundo. Ang terminong "terorismo" ay ginamit ng mga imperyalistang bansa at mga alyado nito noong "Cold War" upang ilarawang demonyo at gawing ilehitimo ang mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya na armadong nakikibaka laban sa kolonyalismo at neokolonyalismo. Noon at ngayon, maaaring ang terorista sa tingin ng isa ay mandirigmang mapagpalaya sa tingin ng isa pa.

Kung ang "terorismo" ay ipapakahulugan bilang sistematiko at sinadyang pandarahas laban sa mga sibilyan o buo-buong komunidad, ang mga imperyalistang gera ng pananakop at ang terorismo ng estado ang maituturing na pinakamalalalang uri ng terorismo — ayon sa tindi ng pagpatay at paninira, gayundin ng panlipunan at pangkulturang pagyurak, na ipinataw ng mga ito sa buo-buong taumbayan at mga sibilyang populasyon.

Ang wala pang 3,000 namatay sa atakeng 9/11 sa U.S. ay maliit kumpara sa 1.5 milyong Iraqi na pinatay ng gerang agresyon ng US at UK sa Iraq; at kumpara sa mahigit na 650,000 sibilyang namatay sa ikalawang gera at pananakop sa Iraq.

Ang terorismo ng estado o ang lantarang paghaharing terorismo sa loob ng mga partikular na estado ay isa pang porma ng terorismo. Karaniwan itong kinatatangian ng panunupil sa taumbayan sa pamamagitan ng masaker, asasinasyon, iligal na detensyon at tortyur

at sapilitang pagpapalikas sa mga tao sa kanilang mga tahanan at lupain, gamit ang armadong puwersa.

Sa pagpapakahulugan sa "terorismo" bilang pangkalahatang krimeng napakalabo at napakalawak, inihalo na ng mga imperyalistang bansa at mga papet na estado ang mga karaniwang krimen sa mga kasong pulitikal. Ang parusa sa mga kasong pulitikal ay karaniwang mas magaan dahil ang mga ito ay iniluwal ng motibong sosyal at hindi ng pansariling interes; maaaring ang mga ito ay magbukas sa solusyong pampulitika sa pamamagitan ng negosasyon at pagtugon sa mga kahilingang panlipunan.

Ngunit sa depinisyon ng US, maging ang pagsusulong ng mga panlipunan at pampulitikang layunin ay terorismo na rin. Sa anupamang paraan ay gusto nitong gawing kriminal na "terorista" ang pakikibaka ng taumbayan para sa pambansang kalayaan at panlipunan paglaya.

Ayon sa mga naunang pahayag at kilos ng rehimeng Arroyo, ang unang bibiktimahin ng HSA ay mga kasapi ng mga armadong kilusang rebolusyonaryo, tulad ng CPP/NPA/NDF at MILF. Taliwas ito sa kalipunan ng batas na kinikilala na sa Pilipinas, tulad ng Hernandez Doctrine, na nagsasabing lahat ng mga aksyong bunsod ng pampulitikang paniniwala ay nakapaloob sa isang krimeng rebelyon. Ito ay hindi maaaring hati-hatiin sa iba't ibang karaniwang kasong kriminal.

Noon pa'y atat na atat na ang gobyernong Arroyo na bansagan ang CPP-NPA-NDF na mga teroristang organisasyon. Nagpapahiwatig din ang rehimeng Arroyo na babansagan ang MILF na tagasuporta ng mga

ang 2010. Lantaran na nitong nilabag ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) sa pagsasagawa ng mga krimen laban sa sangkatauhan, pamamaslang sa mahigit 830 sibilyan, pagdukot sa halos 200 indibidwal, bigong pagpatay sa 350 katao, at iba pang seryosong paglabag sa mga karapatang pantao."

Dagdad ni Jalandoni, "Kinasuhan din ng rehimeng Arroyo ng rebelyon ang mga taong sangkot sa usapang pangkapayaan na nasa panig ng NDFP, na paglabag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG). Kasama sa matitingkad na paglabag sa JASIG ang pagpaslang kay Sotero Llamas, Political Consultant ng NDFP; at pagkawala ng mga NDFP Consultant, kapamilya at *staff* nila, tulad nila Rogelio Calubad at anak na si Gabriel, Prudencio Calubid at asawang si Celine Palma at 2 pang kasama nila; Leopoldo Ancheta; at Philip Limjoco."

Samantala, hindi pa man binabansagang terorista, iniugnay na ng gobyerno ang MILF at MNLF sa Abu Sayyaf at Jeemah Islamiya na sinasabing kumikilos sa Mindanao. Urong-sulong na ginagamit ng rehimeng Arroyo ang bansag na terorista upang madehado ang MILF, kundi man lubusang mapasuko, sa nahintong usapang pangkapayapaan.

Nauna nang naging balakid sa usapang pangkapayapaan ang paglalagay sa CPP, NPA at NDF Chief Political Consultant na si Jose Ma. Sison sa *terrorist list* ng European Union at US. Nagpursige ang gobyerno ng Pilipinas na maisama sa listahan sina Sison upang gipitin ang NDF at pwersahin itong sumuko sa panahon ng negosasyon. Ngayong may sarili nang batas kontra-terorismo ang Pilipinas, malamang na isama ang CPP-NPA at si Sison sa listahan ng mga diumano'y terorista, upang muling ipresyur ang mga ito na sumuko habang binibigyang-katwiran ang patakarang todo-gera ng rehimen.

3. Anti-Terrorism Council

Iluluwal ng HSA ang isang pasistang konseho na may tungkuling mamahala sa implementasyon ng batas. Nakasaad sa Section 53 ang pagbubuo ng Anti-Terrorism Council na kinabibilangan ng *executive secretary*, mga kalihim ng Department of Justice, Interior and Local Government, National Defense, Foreign Affairs, Finance at *national security adviser.* Magsisilbing kalihiman ng konseho ang National Intelligence Coordinating Agency (NICA).

Karamihan ng miyembro ng Anti-Terrorism Council ay bahagi na ng pusakal na Cabinet Oversight Committee for Internal Security *(*COC-IS). Sina Executive Secretary Eduardo Ermita, Justice Secretary Raul Gonzalez at Security Adviser Norberto Gonzales ang utak ng mga mapanikil na Oplan Bantay Laya, Proclamation 1017, Calibrated Preemptive Response at Executive Order 464. Kabilang na rin sa kanila ang bagong hirang na Defense Secretary Hermogenes Ebdane, isang retiradong heneral na sangkot sa iskandalong Hello Garci. Si Secretary Alberto Romulo ng Foreign Affairs naman ay napatunayan nang masugid na tagapagtaguyod ng patakarang panlabas ng US kahit ito ay labag sa interes ng sambayanang Pilipino.

Kabilang sa mga tungkulin ng konseho ang: pangangasiwa sa pag-aresto ng mga pinaghihinalaang terorista; pagrerekomenda ng *proscription* ng mga pinaghihinalaang teroristang organisasyon; agarang imbestigasyon at pag-uusig sa lahat ng akusado o detenido; pag-ipit ng mga *bank account* at pondo ng mga diumano'y terorista; at pagbubuo at pagmamantini ng *database* ng terorismo.

4. Usapang Pangkapayapaan

Sa pagsasabatas ng Anti-Terror Bill at sa napipintong pagtuturing sa CPP-NPA bilang mga "teroristang organisasyon," mawawala ang posibilidad ng isang makabuluhang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Ibilang man o hindi ang NDFP sa listahan ng mga teroristang organisasyon, mahihirapan na itong makipagnegosasyon sa reaksyonaryong gobyerno ng Pilipinas, matapos ang pagbabansag sa CPP at NPA bilang "terorista." Ayon kay NDFP Chief Negotiator Luis Jalandoni, "Sinira na ng gobyernong Arroyo ang usapang pangkapayapaan. Nagdeklara na ito ng militaristang plano na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan bago

diumano'y teroristang organisasyon, gaya ng Jemaah Islamiya. Nanganganib ding mabansagang terorista ang mga tinatawag ng gobyerno na "prenteng organisasyong komunista" at "kaaway ng estado" — kabilang ang mga lehitimo at legal na organisasyong masa na nagdaranas na ng iba't ibang porma ng panunupil.

Malabo na nga ang depinisyon ng terorismo, pinapayagan pa ng Sec. 17 ng HSA ang *proscription* o ang pagdedeklarang bawal na ang mga organisasyong pinaghihinalaang "terorista." At ito ay magagawa sa pamamagitan ng simpleng aplikasyon ng Department of Justice sa anumang Regional Trial Court sa bansa. Magsampa lang ng kaso si Raul Gonzalez sa kahit saang RTC ay maaari nang ideklarang ilegal ang kahit anong organisasyong binansagang "terorista."

Sa gayon, madali na rin ang pag-aresto at pagkukulong nang walang taning sa mga indibidwal na kasapi at opisyal ng mga binansagang "teroristang organisasyon" o bilang mga kasabwat o kasangkapan sa pagsasagawa ng "terorismo." Madali nang tiktikan at parusahan ang ordinaryong kasapi ng mga organisasyong idineklarang "terorista." Ang HSA, kung gayon, ay isang "bill of attainder" sapagkat agad nitong itinuturing na kriminal at pinaparusahan ang mga indibidwal dahil lamang sa sila ay kasapi sa isang organisasyon.

2. Paglabag sa mga Karapatan

Sa HSA, ang mga suspek sa kasong "terorismo" ay pagkakaitan ng karapatan sa *due process* at *presumption of innocence*. Tulad ng nabanggit na, magiging madali na ang pagdedeklarang ilegal ang mga organisasyon at indibidwal. Pangangatwiranan at gagawing legal ang detensyong lagpas sa 48 oras, sapat-sapat upang tortyurin o patayin ang isang detenido. Ang iba pang paglabag sa mga karapatang pantao na madaling maisasagawa ay ang detensyong walang taning kaugnay ng walang-pyansang hablang terorismo, pag-ipit at kumpiskasyon ng mga *financial asset*, madaling pagdadawit sa mga tinatawag na kaasapakat at aksesorya, walang hangganang paniniktik sa *privacy* at buhay-pampamilya, mapang-aping trato maging sa mga nagpyansa, *extraordinary rendition* o paglilipat sa ibang bansa, at iba pa.

Sa Sec. 19 ng batas, isinasaad na "kung may aktwal o napipintong atake ng mga terorista, ang mga suspek ay maaaring arestuhin nang walang mandamyento at ikulong hanggang 72 oras." Ang iba't ibang gobyerno ng Pilipinas, mula sa diktadurang Marcos hanggang sa

kasalukuyang rehimeng US-Arroyo, ay mayroon nang mahabang rekord sa pag-iimbento ng mga senaryo na nagbibigay-katwiran sa salakay ng pulisya o mobilisasyon ng mga tropang militar para supilin ang anumang alimpuyong sibil. Madali lang sa gobyerno ang magmanupaktura ng " aktwal o napipintong teroristang atake."

Gayundin, "ang mga opisyal ng *human rights commission* sa munisipyo, lunsod, probinsya o rehiyon ay awtorisadong mag-order ng detensyon ng mga pinaghihinalaang terorista lagpas sa 72 oras." Malinaw na paglabag ito sa Sec. 18, Article VII ng Konstitusyon na nagtatakdang "Sa panahon ng suspensyon ng pribilehiyo ng *writ of habeas corpus*, ang sinumang arestado o detenido ay dapat sampahan ng kaso sa loob ng tatlong araw, kung hindi'y dapat siyang palayain." Maging ang Commission on Human Rights ay hindi maaaring tumaliwas sa karapatang ito na ginagarantiyahan ng Konstitusyon.

Isinasaad ng Section 26: "Paglimita sa Karapatang Maglakbay — Sa mga kasong hindi matibay ang ebidensya ng pagkakasala, at kung ang nakasuhan ay pinayagang . . . magpyansa, lilimitahan ng korte . . . ang karapatan niya na maglakbay sa loob lamang ng munisipalidad o syudad na tinitirhan niya. Siya ay maaari ring ilagay sa *house arrest* sa utos ng korte... Habang nasa *house arrest*, maaaring pagbawalan siyang gumamit ng telepono, *cell phone*, *email*, kompyuter, *internet* o iba pang paraan ng komunikasyon . . . hanggang hindi pinahihintulutan ng korte." Sa gayon, maging sa mga kasong mahina ang ebidensya at pwedeng pyansahan, ang mga suspek ay nanganganib pa ring gawing *incommunicado* habang naka-*house arrest*.

Ang bagong bagong batas ay maaaring lumabag sa *right to privacy*. Ginagawang legal ng Section 7 ng naturang batas ang paniniktik sa mga suspek. Maaaring panghimasukan at irekord ng mga awtoridad ang lahat ng komunikasyon ng mga pinaghihinalaang terorista at mga diumano'y kasabwat nila. Kailangan lamang ang pagsang-ayon ng kaukulang Regional Trial Court para makapagsagawa ng *wiretapping* at iba pang anyo ng *electronic surveillance*. Madaling abusuhin ang kapangyarihang makinig sa usapan ng mga tao. Nariyan ang eskandalong Hello Garci upang ipaalala sa atin kung paano inabuso ng militar ang *wiretapping.*

Ayon sa Sec 27, ang mga deposito sa bangko, *accounts* at *records* ng mga pinaghihinalaang terorista at mga sinasabing kasabwat nila ay maaaring busisiin ng mga awtoridad. Ang susing konsepto rito ay ang bagay na kahit mga suspek pa lamang ay maaari nang isailalim sa *bank examinations*. Lahat ng kaukulang impormasyon na may kinalaman sa pinaghihinalaang *account*, kabilang ang lahat ng mga transaksyon sa iba pang *account*, ay maaari ding suriin ng mga awtoridad.

Sinasabi ng Section 57 na ipinagbabawal nito ang *extraordinary rendition*, pero sa aktwal ay pinapayagan ito sa ilang kondisyon. Ang *extraordinary rendition* ay nagpapahintulot na ang mga suspek o mahahalagang saksi sa terorismo ay dalhin sa ibang bansa bilang bahagi ng imbestigasyon. Sa ilalim ng HSA, ang isang tao ay maaaring tangayin sa ibang bansa kung ang kanyang testimonya ay importante sa isang imbestigasyon o legal na proseso. Ang gagawin lang ng gobyerno ng Pilipinas ay hingin ang opisyal na garantiya na ang mga karapatan ng suspek ay igagalang ng bansang pagdadalhan sa kanya.

Sa pinakamasasahol na praktika ng *extraordinary rendition*, maaaring dukutin at dalhin sa ibang bansa ang mga suspek at kasuhan ng terorismo o kaya'y piliting sumama sa ibang "legal" na proseso. Ang ganitong pamamaraang *extrajudicial* ay kadalasang may kasamang tortyur. Ang *extraordinary rendition* isang praktika ng US CIA na mainam nang naisadokumento.